

CAREER GUIDE

Ang mga impormasyon tungkol sa trabaho na nakasalin sa ibat ibang wika ay hindi sapat.

Ang manuscript na ito ay ginawa sa layuning bigyang ng pagkakataong makapili ng kursong gustong pag-aralan ng maaga at pag nakatapos ay maging isang huwaran at kapaki-pakinabang na mamamayan ng bansang Japan.

Inaasahan namin na kahit isa man lang sa mga batang ito, kapag lumaki na, ay maging kapaki-pakinabang sa ibat ibang aspeto ng lipunan dito sa Japan.

Mga detalye tungkol sa ibat ibang trabaho

Paglalarawan ng ibat ibang uri ng trabaho, anong uri ng trabaho ang ginagawa dito.

Mag-research o kaya ay magtanong sa guro at mga kaibigan sa nais na maging trabaho o propesyon.

Course Chart

Ang chart tungkol sa trabaho na nangangailangan ng certificate ay ibinibigay sa estudyante pagkatapos maka-graduate sa junior high school o senior high school.

Lugar ng pagtatrabahuhan

Pagpapakilala ng pangunahing lugar ng pagtatrabahuhan at suweldo. Ang estimate na halaga ng annual income at initial salary ay nakasaad sa handbook at internet. Gamitin ito bilang standard reference.

Ang tungkol sa mga gastusin.

Pagkatapos makagraduate ng junior at senior high school, nagbibigay kami ng impormasyon tungkol sa estimate ng halagang gagastusin kapag nagpatuloy ng pag-aaral sa university o technical at vocational school. Ang halaga ng tuition fee ay depende sa school na papasukan. Para sa mga detalye, magtanong sa school na papasukan (paaralang nais na pasukan).

Student Loan

Sa Japan Student Services Organization, maaring makahiram ng student loan. (Homepage <http://www.jasso.go.jp/shougakukin/>) para pambayad ng tuition fee sa senior high school at university. Para sa detalye, makipag-ugnayan sa school na nais pasukan. Bukod dito, mayroon ding ibinibigay na scholarship ang prefecture at ilang hospital sa mga nais kumuha ng nursing at medical course. Makipag-ugnayan sa school na papasukan